Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

KINATAWAN SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-5 NG AGOSTO 1996, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos	
Kagawad Ferdinand V. Talana	
Kagawad Angelas D. Bautista	
Kagawad Ramil O. Dimapilis	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Honesto O. Taytay	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President
Kagawad Randy P. Valencia	- SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Ramulfo C. Bernal

KAPASYAHAN BLG. 079
Taong 1996

KAPASYAHANG BINIBIGYAN NG MAHIGPIT NA PANGARAL AT BABALA (REPRIMAND) SI PUNONG BARANGAY RAOUL HERMOSO NG BARANGAY BAGUMBAYAN, ROXAS, SILANGANG MINDORO SA KASONG ADMINISTRATIBO NA INIHARAP SA SANGGUNIANG BAYANG ITO LABAN SA KANYA NI GNG. ELLA LUIS.

SAPAGKA'T noong Marso 4, 1996, si Gng. Ella P. Luis, isang residente ng Barangay Bagumbayan ay dumalo sa sesyon ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro at ipinasabot ang kanyang pormal na pagrereklamo laban kay Punong Barangay Raoul Hermoso ng Bagumbayan sa mga sumusunod na kadahilanan:

1. Paglabag sa Seksyon 60 (e) ng Batas Republika 7160 - "pag-abuso sa kapangyarihan";

2. Paglabag sa Seksyon 389 (3) ng Batas Republika 7160 - "hindi maipatupad ang pampublikong kaayusan sa barangay at sa halip siya pa ang nagiging sanhi ng nasabing pagkakagulo".

SAPAGKA'T sa pagdinig na ginawa ng Sanggunian Bayang ito sa magkabilang panig nina Gng. Ella P. Luis at Punong Barangay Raoul Hermoso at sa kanilang testigo, at batay sa kanilang sinumpaang salaysay at sa impormasyong ibinigay ng Pulisya ng Roxas, napatunayang si Punong Barangay Raoul Hermoso sa kanyang pagpapatupad ng batas ay hindi sinunod ang tamang proseso (due process of law) sa pag-aayos ng mga problema bilang isang Punong Barangay.

SAPAGKA'T dapat maging pormal ang imbestigasyon ni Punong Barangay Raoul Hermoso sa anumang kasong paglabag na itinutukoy niya sa kanyang nasasakupan at ito'y nararapat gawin sa kanyang tanggapan at hindi kung saan pa man; sa puntong ito, si Gng. Ella P. Luis ay nararapat lamang na inimbita

niya sa kanyang tanggapan para sa paglilinaw na kinakailangan at sa ganito siya ay nagkulang sa pagtupad ng kanyang katungkulan (Negligence of Duty).

SAPAGKA'T bilang Punong Barangay, hindi niya dapat ilagay ang batas sa kanyang mga kamay at sa halip ay dapat iputupad ito nang mahinahay at may paggalang at gayundin nang pantay-pantay sa lahat, at hindi yaong mayroon lamang pinipiling tumbukin para tumupad dito;

SAPAGKA'T bilang Punong Barangay, hindi siya dapat magbitiw ng mga salitang hindi kanais-nais pakinggan, nakasasakit sa damdamin ng kapwa-tao at nagiging mapang-api at may pag-aglahi sa katauhan at personalidad ng isang mamamayang tulad ni Gng. Ella Luis;

SAPAGKA'T ang katayuan ng isang Punong Barangay bilang isang lingkod-bayan ay kaakibat ng pagtitiwala ng mamamayan ("Public Office is a public trust"... Sec. 1, Art. II Constitution of the Philippines) kaya't nararapat lamang na sa lahat ng panahon si Punong Barangay Raoul Hermoso ay maglingkod sa kanyang nasasakupan nang buong katapatan, buong kahusayan, may integridad, responsibilidad, makabayan, may hustisya at huwaran ng isang payak na pamumuhay;

SAPAGKA'T sa pagsusuri ng Sanggunian Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, nakitang si Punong Barangay Raoul Hermoso, sa kanyang pagpapatupad ng batas sa kanyang nasasakupan ay nagkasala ng Pagmamalabis sa Kapangyarihan (Abuse of Authority) at Pagkukulang sa Pagtupad sa Katungkulan (Negligence of Duty) at sa puntong ito siya ay mahigpit na binibigyang-pangaral at binabalaan na ang ganitong pagmamalabis ay huwag na niyang uulitin upang maiwasan ang higit na kaparusahang maaaring ipataw sa kanya ayon sa itinatadhana ng batas.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Jesus S. Dela Cruz na pinangalawahan ni Kagawad Eduardo G. Villamin -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na si Punong Barangay Raoul Hermoso ay mahigpit na pangaralan sa kanyang pagmamalabis sa kapangyarihan at ng pagkukulang sa pagtupad niya ng katungkulan at gayundin bigyang-babala na ang ganito ay huwag nang maulit pa upang maiwasan ang higit na mahigpit na kaparusahan ayon sa itinatadhana ng batas.

IPINASYA RIN na bilang isang taong may pagpapahalaga sa sariling dangal at sa karangalan ng kapwa-tao at naniniwala sa kasabihang "Ang masama sa iyo, huwag mong gawin sa kapwa mo", si Punong Barangay Raoul Hermoso ay inaatasang humingi ng paumanhin (apology) kay Gng. Ella Luis sa lalong madaling panahon pagkatanggap ng kapasyahang ito.

IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Punong Barangay Raoul Hermoso ng Barangay Bagumbayan ng bayang ito para sa kanyang kaalaman at maagap na pag-aksyon, kay Gng. Ella P. Luis at sa Punong Bayan Gelacio I. Yason para sa kanilang kaalaman at kinakailangang aksyon.

Pinagtibay: Agosto 5, 1996 -

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA F. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian Bayan

Received - Affidavit
08/14/96

SAKSI:

JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

GELACIO I. YASON
Punong Bayan